

# Payo para sa mga magulang

May napakahalagang papel ang mga magulang sa pagsuporta sa pagtuto ng estudyante. Palaging ipinapakita sa mga pag-aaral na mas mabuti ang pagganap ng mga estudyante sa paaralan kapag sangkot ang mga magulang sa kanilang edukasyon. Hindi mo kailangang maging mahusay sa Ingles upang tulungan at suportahan ang iyong anak sa paaralan.

## Pagtulong sa aking anak upang matuto ng Ingles

Bilang mga magulang, ikaw ay maiging hinihikayat na suportahan ang iyong anak upang matuto sa Ingles sa pamamagitan ng:

- regular na pagbabasa sa iyong anak sa wikang pantahanan at/o Ingles
- paghihimok sa iyong anak na isulong at panatilihin ang aktibong paggamit ng wikang pantahanan
- magiging pamilyar sa Kurikulum ng Australia at kung ano ang inaasahang malaman ng iyong anak sa paaralan
- paghimok sa iyong anak na makipag-usap sa iyo tungkol sa kanyang mga karanasan sa paaralan
- pakikipag-usap sa guro ng iyong anak o sinumang naaangkop na miyembro ng mga tauhan sa paaralan kapag mayroon kang mga katanungan o mga ikinababahala tungkol sa programa sa pagtuto (learning program) o sa pagsulong ng iyong anak
- pagdalo sa mga panayam ng magulang at guro.

Kapag bumibisita sa paaralan ng iyong anak, maaari kang gumawa ng appointment na makipag-usap sa mga guro sa pamamagitan ng pagkontak sa front office ng iyong paaralan. Kung hindi mo unang wika ang Ingles at pakiramdam mo mas komportable kang makipag-usap sa iyong sariling wika, maaari mong hilingin sa isang miyembro ng pamilya o kaibigan na samahan ka sa paaralan at tulungan kang makipag-usap sa mga tauhan ng paaralan. Bilang alternatibo, maaari kang humiling sa paaralan ng isang interpreter sa pamamagitan ng Translating and Interpreting Service (Serbisyo sa Pagsasalin at Pag-iinterpret). Libreng ibinibigay ang serbisyong ito.

## Paggamit ng sarili mong wika

Bilang magulang, mahalaga para sa iyo na magpatuloy sa paggamit ng wikang pantahanan ng iyong pamilya sa bahay.

Ang unang wika o diyalekto ng iyong anak ay may masusing kaugnayan sa kanyang pagkakakilanlan. Ang paghimok sa patuloy na pagsulong sa unang wika ng iyong anak ay magpapadali sa transisyong panlipunan at emosyonal na nangyayari kapag lumilipat sila sa mga bagong kapaligiran sa pagtuto.

Ang pagpapatuloy sa paggamit ng unang wika ng iyong anak ay magpapahintulot sa kanila na makabuo ng kaalaman sa mundo at bokabolaryo na angkop sa kanilang edad nang hindi sila maghihintay hanggang sa matuto sila ng sapat na wikang Ingles upang makasali sa anumang diskusyon o pag-aaral sa mga paksang ito.

Mayroong matatag na kalipunan ng pananaliksik na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na may matibay na pundasyon sa kanilang unang wika o diyalekto ay malamang na matututo sa Ingles nang mas mabilis at makakamit ng mas malaking tagumpay sa paaralan. Mahirap na bumuo ng karagdagang wika kung ang pundasyon ng unang wika ay hindi matatag at suportado habang inaaral ang karagdagang wika. Ang pagtatag at pagsuporta ng pundasyon ng iyong anak sa kanyang wikang pantahanan ay mahalaga para sa matagumpay na pagsulong ng kanyang kaalaman at kakayahan sa wikang Ingles.

## Pagtulong sa aking anak sa kanyang pag-aaral

Kung natututo pa ang iyong anak sa pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat sa Ingles, itinuturing pa siyang mag-aaral sa Ingles bilang karagdagang wika o diyalekto (English as an additional language or dialect, EAL/D) at binibigyan siya ng karagdagang suporta upang tulungan siya sa kanilang pag-aaral.

Ang lahat ng mga estudyante sa mga paaralan sa Australia ay nag-aaral sa mga paksang napapaloob sa Kurikulum ng Australia.

Dahil nag-aaral ang iyong anak ng Ingles sa parehong panahon na nag-aaral siya ng mga bagong paksa, inaayos ang mga gawain sa pag-aaral (learning task) upang umayon sa antas ng kahusayan niya sa Ingles. Habang natututo siya ng mas maraming Ingles, magbabago ang mga uri ng suporta na natatanggap nila.

## Araling pambahay (Homework)

Ang bawat paaralan ay mayroong sarili nilang patakaran sa araling pambahay. Nagbibigay ang mga araling pambahay ng mga oportunidad sa mga estudyante na pagtibayin ang natutunan nila sa silid-aralan, magkaroon ng mga mabubuting gawi sa pag-aaral at maging sangkot ang mga miyembro ng pamilya sa kanilang pag-aaral. Kung hindi maiintindihan ng iyong anak ang kanyang araling pambahay, dapat kang makipag-usap sa guro ng klase tungkol dito.

Ang pagbabasa ng mga libro sa tahanan upang malibang at para sa kasiyahan ay isang napakamabuting aktibidad na araling pambahay. Maaari kang magbasa sa iyong anak, kasama ng iyong anak, o maaari silang magbasa nang sarili nila. Ang mga libro ay maaaring nasa Ingles o sa iyong wikang pantahanan at maaaring hiramin nang libre mula sa aklatan ng paaralan o sa aklatan ng lokal na konseho.

160344